



Depaul International Head Office  
291-299 Borough High Street  
London  
SE1 1JG  
Tel. +44 (0)207 939 1220




**COLLEGE OF LIBERAL ARTS AND  
SOCIAL SCIENCES**  
*School of Public Service*

14 E. Jackson Blvd. Suite 1600  
Chicago, Illinois 60604  
hayleadership@depaul.edu  
312.362.5519

Reproduction of this booklet is free provided copyright (see below) is acknowledged and reference or link is made to the [leadership.depaul.edu](http://leadership.depaul.edu) or [depaulinternational.org](http://depaulinternational.org) website. This booklet may not be sold. Please retain this notice on all copies.

© J. Patrick Murphy, C.M. 2015



## Mister Vincent

J. Patrick Murphy, C.M.

## **May-akda**

J. Patrick Murphy, C.M., Ph.D., kasalukuyang naglilingkod bilang Direktor ng Values ng DePaul International, isang organisasyon na naglilingkod sa mga walang tirahan sa anim na bansa. Isang emeritus faculty sa DePaul University, siya ay tagapagtatag at chairman ng Vincent on Leadership: The Hay Project. Nakatira siya sa Chicago. Makipag-ugnayan sa kanya sa. [jpmurphy@depaul.edu](mailto:jpmurphy@depaul.edu)

## **Ang Mga Tagapaglathala**

Ang DePaul International ay ang punong kumpanya ng isang pangkat ng mga charity batay sa mga Halaga ni St. Vincent de Paul (Values of St. Vincent de Paul) na nagtatrabaho upang suportahan ang mga walang bahay at palaboy-laboy na mga tao sa buong mundo. Ang Headquarter sa London, noong 2015, ang mga subsidiary na mga bansa nito ay ang United Kingdom, Ireland, France, Ukraine, Slovakia at sa Estados Unidos <http://www.depaulinternational.org>

Si Vicente at ang Pamumuno: Ang Proyekto ng Hay ay ang pumupukaw at pagsusulong ng pangitain, mga pinahahalagahan at mga kasanayan sa pamumuno ni St. Vincent de Paul sa mga tao at organisasyon sa buong mundo. Sa pagbibigay ng pananaliksik, pagsasanay, edukasyon, at pakikipagtulungan sa pamamaraan ni St. Vincent, ang Proyekto ay nakasisiguro na magpapatuloy ang pamana ni St. Vincent de Paul ng kanyang talino sa pagorganisa at kasanayan sa pamumuno sa paglilingkod sa iba. <http://www.leadership.depaul.edu>

## **Credits**

**Cover:** Rybolt, J. Photograph of statue in Daughters of Charity hospital, Nippes, Cologne. St. Vincent de Paul Image Archive

**4:** Krüg, Kris; Pop!Tech 2008- Malcolm Gladwell. (2008) <https://www.flickr.com>

**8:** Global Sports Forum; Mia Hamm. (2011) <https://www.flickr.com>

**15:** Simpson, Tom; Walt on a mini train. <https://www.flickr.com>

**Layout:** Krzysztof Jan Komperda

**Translators:** Florante C. Garcia, PhD & Fr. Renato Y. Ruelos, CM

## Mga Mungkahing Babasahin

- Coste, C.M., Pierre, *Monsieur Vincent, Le grand saint du grand siècle* (Paris: Desclee, 1934). English edition: *The Life and Works of St. Vincent de Paul*, Trans. Joseph Leonard, C.M. (Brooklyn, NY: New City Press, 1987).
- Fuechtmann, Thomas G., "There is Great Charity, But..." Vincentian Heritage, DePaul University Vincentian Studies Institute, Chicago, 2005.
- Gladwell, Malcolm, *The Tipping Point How Little Things Can Make a Big Difference*, New York: Little, Brown and Company, 2000.
- McKenna, C.M., Thomas, *Praying with Vincent de Paul*, St. Mary's Press Christian Brothers Publications, Winona, Minnesota, 1994.
- Melito, C.M., Jack. *Saint Vincent de Paul: His Mind and His Manner*, DePaul University Vincentian Studies Institute, Chicago, 2010.
- Murphy, C.M., J. Patrick, "Servant Leadership in the Manner of Saint Vincent de Paul," Vincentian Heritage, DePaul University Vincentian Studies Institute, Chicago, 1998.
- Murphy, C.M., J. Patrick, "We Want the Best," Vincentian Heritage, DePaul University Vincentian Studies Institute, Chicago, 2005.
- Murphy, C.M., J. Patrick, "Hospitality in the Manner of St. Vincent de Paul," Vincentian Heritage, DePaul University Vincentian Studies Institute, Chicago, 2015.
- Paul, Vincent de and Coste, Pierre C.M., "Correspondence, Conferences, Documents, Volume II. Correspondence vol. 2 (January 1640-July 1646)." (1988).
- Pujo, Bernard, *Vincent de Paul the Trailblazer*, Notre Dame: University of Notre Dame Press, 2003.
- Roman, C.M., Fr. Jose Maria, *St. Vincent de Paul A Biography*, London: Melisende, 1999

Mahigit isang libo't limang mga biyograpiya na ang naisulat sa loob ng apat naraang taon ng naglakbay si Vicente sa mundo. Napakaraming nilikhang teksto hinggil sa kaniya, may mga simpleng bersyon, relihiyosong bersyon at iba pang mabubuting gawa. Ang layunin sa ilang pahinang aking sinulat ay upang maipamalas ang mabubuting nagawa ni San Vicente at ang mga bagay na dapat nating matutunan upang makatulong tayo sa pagbabago ng mundo.

Hindi ito tungkol lamang sa kaniyang ispiritwalidad, pagdarasal sa kaniyang buhay, teolohiya, kasaysayan o anumang kasinungalingan lamang. May mga mas mabubuting sanggunian tungkol sa mga pak-sang nabanggit at mayroon akong ilang ibinigay na talaan sa katapusan ng akdang ito, at iba pang maikling katha para sa mga nais pang magbasa.

## Bakit ba magaabala tayo tungkol sa isang taong nabuhay matapos ang apat naraang taong nakalipas?

Ano bang matututunan dito na lubhang napakahalaga ngayon? Ilan sa aking maisasaalang-alang na dahilan:

“Ang kapansin-pansin na pinakamabuting naisagawa ni San Vicente ay ang kabuuan ng kaniyang nagawa bilang isang mapagkawanggawa na maaaring maipamana.” (Melito, 41)

- Ang kaniyang nagawa ay pamana ngayon na higit pa sa kaniyang buhay.
- Ang kaniyang nagawa ay nagpabago sa kung paano binibigyang-pansin ang mahihirap sa mundo.
- Ang kaniyang samahan ng pagseserbisyo sa mahihirap ay ang kaunaunahan sa kasaysayan ng mundo.
- Siya ay isang ordinaryong tao, makasarili, interesado sa pera, ambisyoso, may bahid at naligaw ng landas hanggang sa sukdulan.
- Binibigay niya ang lahat sa mahihirap at maging ang pinakamayaman sa kanyang pagtingin sa sarili.
- Ang mundo ay laban sa kaniya; binago niya ito.
- Nawalan siya ng sigla sa loob ng tatlongpu't-limang taon (35 taon).
- Hinanap niya ang kaniyang sarili sa loob ng dalawampu't limang taon (25); natagpuan niya ang Diyos at ang mga mahihirap.

Bakit napakaraming tao sa mundo ang maalab na sumusunod sa kaniyang yapak pagkaraan ng apat naraang taon?

- |  |          |
|--|----------|
| • Mga miyembro ng Society of St. Vincent de Paul       | 800,000+ |
| • Mga miyembro ng Daughters of Charity                 | 16,000+  |
| • Mga miyembro ng Congregation of the Mission          | 3,231+   |
| • Mga miyembro ng Ladies of Charity (AIC)              | 150,000+ |
| • Mga miyembro ng Vincentian Marian Youth              | 100,000+ |
| • Mga tauhan at mga boluntaryo ng Depaul International | 2,000+   |
| • Mga samahan ng Vincentian Family                     | 40+      |
| • Mga samahan na inspirado ni Vicente                  | 250+     |



Sa kasalukuyan madali tayong maligaw dahil sa pagtatanong sa ating mga sarili: “Ano ang maaaring gawin ni Vicente?” O di kaya’y “Ano ang maaaring gawin ni Hesus?” Nguni’t lagi nating matutuklasan ang ating tunay na landas kung ang itatanong natin ang pinakaensensiya ng katanungang Vinsensiyano na unang nanggaling kay Gng. De Gondi “May mga bagay na dapat magawa; ano ang dapat kong gawin?” Itinanong ito ni Vicente sa mga taong taga Chatillon, at pinakain nila ang mga mahihirap. Isinilarawan ni Vicente ang kalagayan ng mga alipin sa Hari ng Pransiya; ipinadala ng Hari si Vicente sa mga alipin upang maging maayos ang kanilang pamumuhay.

Dahil alam natin na may mga bagay na dapat gawin, at dahil matapang tayong magtanong sa ating sarili: “Ano ang dapat kong gawin?” malalaman natin ang kasagutan sa tanong na: “Ano ang maaaring gawin ni Vicente?”

Hesus, hindi si Francis, hindi si Mother Teresa kahit sa anong anggulo. Si Vicente lamang.

Si Hesus ang nagbigay ng inspirasyon sa lahat: “Ako ay naparito upang magdala ng Mabuting Balita sa mga dukha”. (Luke 4:18).

Ibinahagi at isinabuhay ito ni Francis. Lahat ng ito’y ginawa ni Vicente at dinagdagan pa niya ito ng isang samahan. At lumikha siya ng tuluy-tuloy at de kalidad na pagbabago sa pamamagitan ng personal at direktang pagabot ng tulong sa mga mahihirap, at isinabatas ito sa kanyang mga organisasyon.

“Ang mga pagkakawang-gawa at pagsisilbi na ipinakita ni Vicente sa mga mahihirap ay humigit pa sa karaniwang serbisyo ng pagpapakain at pagbibigay ng damit sa mga mahihirap at pagaasikaso sa mga may sakit. Ang pagkalinga sa mga nagsisilikas sa mga digmaan at sakuna. Marami siyang ginagawa habang naghihintay sa mga mahihirap na lumapit sa kanya. Lagi siyang nangunguna sa pagaksyon. Nagkaron ng mga pagkakataon na magpadala siya ng mga kasapi sa mga dampa at kweba sa Paris upang tulungan ang mga naghihirap, lalong lalo na ang may sakit” (Melito, 62).

### **Ano ngayon ang maaaring gawin ni Vicente?**

Noong si Walt Disney ay namatay bago pa lamang nailunsad ang konstruksyon ng Disneyworld, ang lupon ng mga direktor ng Disney ay nagpasya na huwag nang ipagpatuloy ang proyekto. Subali’t hindi na ipinagpatuloy ni Roy- kapatid ni Walt ang kanyang pagreretiro. Sinabi niya, “Tapusin natin ito para kay Walt.” Kanila nga itong tinapos at binuksan sa publiko ang kinikilalang pinakamatagumpay na aliwang pampamilya. At sa sumunod na 23 taon, tinanong ng mga namumuno ng Disney ang kanilang sarili: “Ano kaya ang gagawin ni Walt?” Naligaw sila ng landas sa paulit-ulit nilang pagtatanong sa kanilang mga sarili. “Ano kaya ang gagawin ni Walt?” Itong tanong ang tinagurian ng maraming tao na “Management by Séance”. o “Pangangasiwa sa pamamagitan ng pakikipagusap sa mga ispiritu.

### **Ano ang nasa Pangalan?**

*Vincent DePaul*

Palaging pagpirma ng kaniyang pangalan ang Vicente DePaul. Nais niyang makatiyak na wala ni isa man ang magkamali na kabilang siya sa noblesa na maaaring mangyari kung minsan kapag nilalakihan ang titik ng De Paul. Madalas siyang tinatawag na isang santo, iskolar, banal na tao, apostol ng kawanggawa, at —sa kaniyang pagkamatay tinawag siyang “Pere de la patrie”, “Ama ng Bayan”. Pero mas gusto niya na simple siyang tawaging “Monsieur Vincent”, Ginoong Vicente, upang alisin ang humahadlang sa pagitan niya at ibang mga tao, lalong-lalo na ng mga mahihirap.

### **Ang Mundo sa pagbubukang-liwayway ng Ikalabing-pitong Siglo**

Si Vicente ay isinilang sa mundo noong ika-24 ng Abril taong 1581. Ang Pransiya ay nakikipagdigma dahil sa iba’t-ibang dahilan nang siya’y isinilang at nabubuhay, maliban sa mga ilang buwan. Ang populasyon ng Paris ay higit kumulang 200,000 at nadoble ito nuong siya’y namatay sa taong isang libo anim na raan at anim napu (1660). May tatlong antas ng mga tao ang umiiral sa Pransiya ng mga panahong iyon: noblesa, kasama (mga maliliit na magsasaka sa lupang inuupahan o binubuwisan) at kaparian. Maliban na lang kung isinilang ka sa angkan ng mga mararangal na pamilya maliit ang pagkakataon mong mabuhay maliban sa, pagsasaka sa bukid ng mga mayayaman subali’t maaari kung ika’y pari.

**Kapanganakan:** Si Vicente ay ipinanganak noong Abril 1581, nguni’t noong 1576 ang sabi ng una niyang biyograpiya dahil inililihin nila ang katotohanan na siya ay inordinahan bilang pari sa murang edad na labag sa batas ng simbahan.

Naordinahan siya noong 1600 habang siya ay nag-aaral pa at ang kaniyang nalalaang oras ay iginugugol sa pangangasiwa ng paupahang bahay; ginagamit niya ang upa para makatulong sa kanyang mga bayarin. Nagtamo ng digri sa kursong Teolohiya ng taong 1604.

Pagkatapos naglaho siya ng dalawang taon na nagwakas sa Roma.

Ipinagtataka kung siya ba ay umiiwas na magbayad ng kaniyang utang sa pamantasan. Wala siyang makitang yamang-kabuhayan sa Roma kung kaya't nagbalik siya sa Paris.

Sa Paris, siya ay nanlumo at nabigo sa lahat ng kaniyang pagpupunyagi na magpayaman. Nang siya ay nagsimulang kumita noong 1610 sumulat siya sa kaniyang ina na makakapagpadala na siya ng pera upang magkaroon ng sapat na pondo para sa kaniyang pangangailangan at ng kaniyang pamilya sa mga darating na taon, at saka siya ay magreretiro. Siya ay nasa edad na 29.

### **Ang Pagtikwas ng Kabuluhan ng Buhay ni Vicente**

Sa kanyang murang edad, ang atensyon ni Vicente ay nakatuon sa pag-unlad ng kanyang buhay, magkaroon ng sapat na pera upang maging maginhawa, makatulong sa kaniyang pamilya, at makapag-retiro bago siya tumuntong sa edad na 30. Unti-unti na niyang naaabot ang mga plano niya sa buhay. Nguni't, noong siya ay tumuntong sa edad na 36 – sa kaparehas na edad ni Hesus natagpuan nito ang kaniyang sariling misyon – nagkaroon ng pagtikwas sa buhay ni Vicente.



Isinulat ni Malcolm Gladwell na ang nasabing pagtikwas ay ang panahon kung kailan ang bawat bagay ay naglipon upang tikwasin ang lahat sa

Nakumbinsi ni Vicente ang gobyerno na baguhin ang mga alituntunin ng paraan ng pagtrato sa mga bilanggo upang maging mas makatao ang kanilang buhay.

**Aralin:** Huwag mong menospresyuhin ang iyong sariling kakayahan at impluwensya na gumawa ng mabuti.

Hindi natakot si Vicente na baguhin ang mga alituntunin kung kinakailangan. Hindi siya takot na talikuran ang mga bagay na wala ng silbi.

**Aralin:** Ang lahat ng tao ay nagkakamali; matututo mula sa iyong pagkakamali at patuloy kang umusad.

Bago niya mahikayat ang mga kaparian upang tumulong sila sa paglilingkod sa mga mahihirap, kinakailangan muna niya silang baguhin at sanayin.

**Aralin:** Ang pinakamabuting lugar na pagsimulan ay ang lugar kung nasaan ka. Hindi natin ito magagawang nag-iisa; ang mga nagtuturo ay mga lider din.

Sinulatan ni Vicente ang isa sa kanyang mga tagapamahala na nakarinig siya ng mga reklamo na hindi masarap ang pagkain at mumurahin ang alak. Sinabihan niya ito na maghanda ng masasarap na pagkain at mabuting alak para sa mga taong naglilingkod sa mahihirap.

**Aralin:** Alagaang mabuti ang iyong mga tauhan; ipagdiwang ang maliliit na tagumpay.

### **Konklusyon**

Maaaring ang pinakadakilang aral dito ay na si Vicente, isang tao na aktibo, Kapag siya ay nagpasya kung anong dapat gawin, hinihingi niya ang agarang aksiyon. Ang sabi ni Pujo tungkol kay Vicente, “siya ay naniniwala sa kahalagahan ng pag-aksiyon at nais niyang gamitin ang kasabihang, “Ang pag-aksiyon ay ang kabuuan ng ating gawain”. (Pujo, 251).

Sino-sino ang pinakadakilang pangalan sa paglilingkod sa mga dukha? Mother Teresa? St. Francis of Assisi? Sino pa? Sino ang nag-organisa ng matatag na samahan upang mag-silbi sa mga mahihirap? Hindi si

ng salapi, at pagkatapos na nawala siya sa loob ng dalawang taon nagbahagi siya ng isang di-kapanipaniwalang kuwento na nangyari noon. Sinikap niyang mabawi ang tinawag niyang nakakahiyang mga liham na naglalaman ng kuwento na hindi na niya kailanman binanggit.

**Aralin:** May mga bagay at pangyayaring nakaraan sa buhay mo na tila walang kabuluhan. Kahit paano’y gumawa ka pa rin ng mabuti.

Napalapit si Vicente sa mga lugar na maraming taong mahihirap. Sa panahong iyon, 98 porsiyento ng populasyon ay nanirahan sa kanayunan at hindi sa mga lungsod.

**Aralin:** Humayo ka’t magtungo kung saan nandoon ang mga nangangailangan; huwag mong hintayin pa na magkusa silang lumapit sa iyo. Noong binuksan ang Saint Lazare para sa mga panauhin sinabi niya sa mga nanunungkulan na huwag na nilang hintayin pa na humingi ang mga panauhin ng tuwalya at sabon, kundi magkusang magdala kaagad sa mga panauhin. (Noong nahuli ng mga pulis ang sikat na magnanakaw ng bangko na si Willie Sutton, tinanong nila ito kung bakit siya nagnanakaw sa mga bangko. At ang sagot niya ay “ nandoon kasi ang mga pera”).

Nagpahayag si Vicente ng napakahalagang sermon na nagpabago sa kaniyang buhay at sa buhay ng mga mahihirap sa Pransiya. Namangha siya sa sermon sa Folleville at nagbigay kay Vicente ng tunay na misyon sa kanyang buhay. Pagkatapos noon naglaan si Madam de Gondi ng \$2.5 bilang paunang pondo sa kanyang misyon.

**Aralin:** Paglaanan ng atensiyon ang mga tao, at saka aralin nang mas mabuti ang pagsulat at pagsalita upang maging epektibong lider.

Sa ikalawang tanyag na sermon ay napakaraming tao ang nahikayat na magbahagi ng pagkain at gamot para sa mga taong mahihirap; sila ay nagmistulang isang parada patungo sa tahanan ng pamilya. Napansin ito ni Vicente at daglian niyang napagtantong may dakilang pagkakawang-gawa nguni’t hindi magaling ang pagkaorganisa. Ang pinaka-dakilang handog niya sa paglilingkod sa mga dukha ay ang kanyang abilidad na magorganisa ng mga gawaing pagkakawanggawa.

**Aralin:** Bigyang-pansin ang iyong mga karanasan; baka maaari mong matuklasan ang iyong malaking maitutulong.

buhay tungo sa pagbabago. Para kay Vicente, ang pagbabago na ito ay naganap sa dalawang magkaibang pangyayari noong taong 1617.

Ang unang pangyayari ay naganap noong Enero sa lupain ng Folleville (nangangahulugan ng Crazy Town). Noong siya ay nagbahagi ng Mabuting Balita mula sa Panginoon, ito ay nagdulot ng malaking impluwensiya. Humingi siya ng tulong sa mga Paring Heswita sa pagpapakumpisal sa mga tao na lumapit sa kanya. Nasaksihan ni Vicente sa Folleville ang mga mahihirap at ang kanilang matinding pangangailangan ng tulong. Doon niya nabatid ang malaking kakayahan niyang magbahagi ng Mabuting Balita mula sa Panginoon.

Ang pangalawang pangyayaring nagtikwas ng kahulugan sa kaniyang buhay ay naganap noong buwan ng Agosto. Iniwanan niya ang pamilya De Gondi na kaniyang pinaglilingkuran upang maglingkod bilang Kura Paroko sa simbahan ng Chatillon-les-Dombes. Doon, ibinahagi niya ang tungkol sa isang pamilya na may sakit, walang pagkain, walang gamot, at walang mahihingan ng tulong. Ang pagbibigay niya ng sermon ay lubhang nakabagbag ng loob at naging matagumpay, at ditto nabatid niya ang magiging simulain ng kaniyang panghabambuhay na gawain: **May maraming pagkakawanggawa subalit hindi organisado.** Agad siyang nagpasya na organisahin ang lahat. Nilikha niya ang kauna-unahang pormal na sistema ng pagkakawanggawa sa parokya, at siya ring ipinatupad bago sumapit ang Pasko taong 1617.

Siya ay bumalik sa pamilya ng De Gondi upang ipagpatuloy ang kaniyang naiwang trabaho, nguni’t lubhang nadismaya ang mga tao sa parokya ng Chatillon. Nakita ni Gng. De Gondi ang nabubuong pagmamahal at pagmamalaskit ni Vicente sa mga mahihirap kaya minungkahi ng Ginang na maaaring bumalik si Vicente sa Chatillon at doon maging masaya siya sa pagtulong sa mga dukha, o maaari niyang ipaling ang kanyang pagaasikaso sa lahat ng mga dukha, sa Pransiya sa pamamagitan ng pagkakawanggawa para sa kanila. Biglaang tinanggap ni Vicente ang alok. Naglaan si Gng. De Gondi ng \$2.5 milyon – napalaking halaga upang makapagsimula si Vicente. Natuklasan ni Vicente ang personal na misyon ni Jesucristo: “Naparito ako upang dalhin ang Mabuting Balita sa mga dukha”. Inangkin ito ni Vicente.

Sa edad na 32, binisita niya ang kanyang pamilya sa panghuling beses. Ikinahihiya niya na hindi na siya makakapagbigay ng tulong pang pinansyal sa kanila. Ibinigay niya ang ano mang maaari niyang mamana sa lahat ng kanyang mga pamangkin. Mas lalo siyang minahal ng kanyang pamilya dahil sa kanyang bagong misyon sa buhay. Bumalik siya sa Paris, nguni't sa sobra niyang pangungulila sa kanyang pamilya, tatlong buwan siyang nanangis.

Noong 1625, itinatag ni Vicente ang Congregation of the Mission. Upang mapagsilbihan ang mga dukha, kinakailangan niya ang tulong ng Simbahan at parokya. Upang makuha ang tulong ng mga simbahan, kinailangan niya munang baguhin at tanggalin ang kamangmangan at korupsiyon sa kaparian. Nang kanyang nilapitan upang hingan ng tulong ang mga kaparian, natuklasan niya na ang karamihan sa kanila ay di marunong magbasa, madalas lasing at kulang sa kastidad. May isang Obispo na nagsabi tungkol sa kanyang kaparian na:

“Napakalaki at di-matukoy ang bilang ng mga walang kaalaman at kulang sa kastidad ang mga pari na bumubuo sa aking klero at hindi kaya sa pamamagitan ng salita o halimbawa na iwasto ang kanilang buhay. Ako ay nasindak na isipin na sa aking diyosesis may halos pitung libong mga lasing at walang kastidad na mga pari ang umaakyat sa altar araw-araw na walang bokasyon.” (Paul, 473)

Sinimulan ni Vicente ang pagtulong sa mga dukha sa pamamagitan ng pagbabago sa mga kaparian.

Noong 1633, itinatag niya ang mga Daughters of Charity sa tulong ni Louise de Marillac, isang byuda na maraming kaalaman, na lumapit kay Vicente upang humingi ng payo. Sa parehong taon, ay tinanggap niya ang Saint Lazare at inilunsad ang pinakamabilis na modernong paglago ng mga organisasyon tungo sa pagkakawanggawa sa panahon na iyon. Ginamit ni Vicente at Louise ang kanilang ugnayan upang mabilis na palawakin pa ang mga serbisyong sosyal sa loob lamang ng iilang taon. Bilang mga indibidwal, na may mga sariling pagkukulang, subali't sa pamamagitan ng pagtutulungan, nailabas nila ang galing ng isa't isa alang-

Si Vicente ay may taas na 5 talampakan at 7 o 8 pulgada.

**Aralin:** Hindi nakukuha lahat sa laki. Hindi kailangan ang malaking tao upang makagawa ng malaking pagbabago.

Nabalanse at napagsama ni Vicente ang pagdarasal, pagninilay at pagkilos sa kanyang buhay at trabaho.

**Aralin:** Mas madaling mabuhay ng matatag kung isasaalang-alang mo ang pagkakapantay-pantay at mga pangunahing bahagi: pagdarasal, pagninilay at pagkilos.

Naniwala si Vicente na isabuhay muna bago isulat ang mga reglamento. Isinulat niya ang mga reglamento para sa Kongregasyon ng Misyon, tatlopu't tatlong taon (33) pagkatapos niyang itatag ito.

**Aralin:** Mamuhay ng may pagninilaynilay at gumawa ng kaunting pagbabago habang lumilipas ang panahon.

Si Vicente ay nabuhay nang 80 taon at namatay na nag-alala na hindi sapat ang kaniyang mga nagawa. Ang haba ng buhay nuong kapana-hunan ni Vicente ay 35-37 taon.

**Aralin:** Maaari ka pang magkaroon ng mas maraming oras at pagkakataon na gumawa ng kabutihan. Hindi pa huli na magsimula ka. Habang nagninilay tungkol sa kanyang buhay, sinabi ni Oskar Schindler na “Marami pa sana akong magagawa!” Katulad ni Vicente nang siya ay nasa bingit ng kamatayan, nang tanungin siya kung ano pang iba ang nais niyang gawin sa buhay, sumagot siya “mas marami pa”.

Si Vicente ay isang magsasaka't abugado.

**Aralin:** Kilalanin mo ang iyong pinagmulan; itaas ang mga napagiiwanan at iangat mo sila.

Si Vicente ay maiinitin ang ulo, isang mahusay na manggagawa, may impluwensya sa mga kababaihan.

**Aralin:** Alamin ang iyong mga kakayahan, lakas at gayundin ang iyong mga limitasyon; pagkatapos gamitin mo.

Ipinagbili ni Vicente ang inupahang kabayo upang magkaroon siya



ay nagging tagapagturo sa iba at nailabas ang kanilang pinakamabuting katangian na sina: Jean Jacques Olier, St. Jane De Chantal, at St. Louise de Marillac.

**Aralin:** Lubhang nakatutulong ang tagapayo. Pumili ka ng isang magaling, maging magaling ka rin.

Natagpuan ni Vicente kay Louise de Marillac ang isang ganap na kasama upang magtatag ng kanyang ulirang pamantayan na maglalantad ng pagbabago na sisindak sa daigdig. Si Louise, tulad ni Vicente, ay hindi perpekto at nangangamba, nguni't kung magkasama sila'y nagbibigay sigla sa iba.

**Aralin:** Mayroon tayong mga taong imperpektibo lamang, tanggapin natin kung anuman sila at makipagtulungan sa kanila.

Inalok ng isang Monghe si Vicente ng malaking lupain, ang Saint Lazare, sa labas ng lungsod ng Paris. Binubuo ito ng 74 ektarya at inaabot ng isang oras at kalahati ang paglalakad upang malibot ang kapaligiran Tinanggihan niya ito dahil lubhang malaki't napakamahal at magpapabago sa Kongregasyon ng Misyon. Tama siya. Nais ng Monghe na mabalewala ang lupain.

**Aralin:** Ang unang batas sa ekonomiya ay walang libreng tanghalian; lahat ay may bayad. Mag-ingat sa kabayo ng Troya at libreng tanghalian. Hinihikayat tayo ni Jim Collin na magkaroon ng BHAG: Big Hairly Audacious Goals, mga Malalaki, Dakila, Mapangahas na Layunin. Nuong simula hindi nakita ng Monghe at ni Vicente ang oportunidad ng pangangalakal.

Pagkaraan lamang ng isang taon, tinanggap at pumasok si Vicente sa Saint Lazare. Ito ay puno ng mga pasyenteng may sakit sa pag-iisip, mga ketongin, mga anak ng maharlikang mali-mali, mga pari na may problema at mga taong hikahos. Sa simula pa lamang, halos anim na raang kama ng Saint Lazare ang kaniyang pinamamahalaan at mga ito'y umuunlad mula't sapul.

**Aralin:** Minsan tumatagal ang isang mabuting proyekto na naisasagawa. ("Ginawa ito ng Diyos.") Natuklasan ni Vicente ang kanyang Malalaki, Dakila, Mapangahas na layunin sa tulong ng Diyos.

alang sa pinakadakilang kahulugan ng pamumunong nakapagbabago. Nabago nila ang buong sistema ng pagkakawanggawa. Hindi nila ito magagawa ng magkahiwalay.

## Pagbubuklod

Pinagtibay ni Vicente ang kanyang mga kawanggawa sa nakalipas na mga dekada ng kanyang buhay (1635-1660), sa pamamagitan ng pamamahala ng mga bagay na personal na tinututukan hangga't maaari, at kung hindi maaari sa pamamagitan ng sulat. Sumulat siya ng higit sa 30,000 na liham sa tanang buhay niya; higit sa 11,000 ang nananatili hanggang sa kasalukuyan.

Si Vicente ay isang taong may maraming mahusay na kasanayan, karunungan at masimbuyong damdamin. Ayon kay McKinsey at sa pananaliksik ng kanyang korporasyon tungkol sa mga mahuhusay na dakilang manggagawa natuklasan nila na ang mga na taong may talino ay mahirap makita. Ang talino ay nagbibigay ng isang malaking kalamangan sa isang kompetensiya. Ang mga pinakamahusay na tao ay mas lamang sa iba. Halimbawa, 16 na kompositor ang lumikha ng 50 pursiyento ng lahat ng musikang klasiko na napakikinggan sa ngayon. Ang yung iba pang 50 pursiyento ay nagmula sa 235 na kompositor. Sampung pursiyento ng mga may-akda ang sumulat ng 50 pursiyento ng mga aklat sa US Library of Congress. Ang mga dakilang artista ay nagkamali ng maraming beses tulad ng iba, nguni't mas marami ang tama; kaya't sila ay nagtamasa ng higit pang mga pambihirang tagumpay. Si Vicente ay kabilang din sa paglalarawan na ito-siya ay nabuhay nang mas matagal, nakagawa ng mas maraming pagkakamali at nagtamasa ng mas maraming tagumpay kaysa sa kanyang mga kontemporaneo.

Si Mia Hamm, kapitan ng koponan ng women soccer noong 1996 Olympics na nagwagi ng Gold Medal, ang nagsabi na:

"Ang pinakamahalagang bagay sa tagumpay ay ang komunikasyon, paguunawaan, paggalang, at kakayahang magtrabaho nang sama-sama na bumuo sa loob ng isang dosena o higit pang taon ng isang matatag na grupo na magkakasamang naglaro."



### **Mga Aralin mula kay Vicente de Paul**

Ginugol ni Vicente ang kanyang buhay hanggang sa edad na 25 (1617) sa pagtuklas kung ano siya at pagiwas sa maling simulain at sa kanyang kasakiman.

**Aralin:** Hindi masama kung maligaw ng landas sa pagtuklas mo kung ano ka.

Nanlumo si Vicente ng 35 taon. Mahirap tuklasin ang iyong sarili.

**Aralin:** Kapag may dinaranas kang matinding pagsubok, huwag kang susuko. ( Mula kay Winston Churchill, Primer Ministro ng UK nuon at pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig)

Iniukol ni Vicente ang kanyang buhay hanggang sa edad na 36 sa pagtuklas sa kanyang sarili, sa Diyos at sa patuloy na yaman upang makapagretiro ng marangya. Natuklasan niya ang personal na misyon alang-alang sa mga dukha.

**Aralin:** Kung minsan mas mabuti ang iyong natutuklasan kaysa minamasdan.

Pakiramdam ni Vicente na binigo niya ang kaniyang pamilya at nangamba siyang umuwi; tinanggap siya nila ng malugod. Nagbalik siya sa Paris at hindi na muling bumalik. Halos tatlong buwan siyang nanangis.

**Aralin:** Kung minsan nakakatulong ng mabuti ang paguwi. Kung minsan ang pag-iyak ay nakakapawi ng lumbay.

Nanahan siya sa mga maharlikang pamilya ng De Gondis, nguni't nakikain siya sa mga katulong sa bahay.

**Aralin:** Ang pagiging mapagkumbaba at pagiging simple ay isang mabuting paraan ng pakikipag-ugnayan sa tao.

Sa wakas natuklasan ni Vicente ang kanyang sarili bilang isang misyonaryo. Ang kaniyang misyon sa buhay ay ang magdala ng Mabuting Balita sa mga dukha, katulad ng misyon ni Jesukristo. Natagpuan niya ang kanyang huwaran.

**Aralin:** Mabuting magkaroon ng personal na misyon sa buhay. Lalong mabuti kung hindi ito makasarili at mapagmataas.

Inilalarawan ng mga mananalaysay na ang klima noong nabubuhay si Vicente ay bilang munting panahon ng yelo. Limampung porsiyento ng mga pananim ay nasira, laganap ang taggutom; ang bilang ng mga mahihirap ay mabilis na nadagdagan.

**Aralin:** Nakabubuti ang pagkakaroon ng mabigat na suliranin sa buhay. Sa paglutas nito makakagawa ng kakaibang paraan.

Sa buong buhay ni Vicente ang Pransiya ay nasa digmaan, maliban sa mga huling buwan. Karaniwan ang pagpugot ng ulo ng mga rebeldeng relihiyoso. Ang mga kaparian ay walang sapat na kaalaman, walang integridad o pareho; ay di sapat na kagalingan, mapagkamkam o pareho.

**Aralin:** Huwag mong hayaang ilugmok ka ng mga nasa paligid mo. Maaari mong baguhin ang mga ito.

Sa kanyang panahon (partikular sa pagitan ng 1610 at 1660) ang populasyon ng Paris ay lumalaki mula sa mga 200,000 hanggang mahigit sa 400,000. Hindi na matugunan ng lungsod ang pagbibigay ng sapat na tubig, pagkain, o pag-aalis ng dumi sa pozo negro. Ang sakit ay palala nang palala.

**Aralin:** Minsan ang pag-unlad ay nagdudulot ng paghihirap. Walang dapat gawin kundi samantalain ang mga pagkakataon.

Gumamit si Vicente ng mga tagapayo at pinili niya ang mga kinikilala sa mundo. Sina Fr. Pierre de Berulle, St. Francis De Sales. Siya naman